# Set Apart

## Kabanalang Naibalik

WEEK 4

### WARM-UP

- Ano ang isang bagay na ginagawa mo araw-araw pero gusto mo sana na huwag nang gawin?
- Nalagay ka na ba sa isang sitwasyon kung saan walang nagsalita para sa iyo? Ano ang nangyari? Ano ang naramdaman mo?
- Nagkaroon na ba ng pagkakataon kung kailan may gumawa para sa iyo ng isang bagay na hindi mo magagawa kung ikaw lang mag-isa? Magkwento tungkol dito.

### WORD

23 *Maraming pari noon, dahil kapag namatay ang isa, pinapalitan siya ng isa upang maipagpatuloy ang mga gawain nila bilang mga pari.* 24 *Ngunit si Jesus ay walang kamatayan, kaya hindi naililipat sa iba ang pagkapari niya.* **MGA HEBREO 7:23–24**

(Basahin din ang **MGA HEBREO 7:25–28.**)

Sa tradisyon ng mga Hebreo, ang mga pari ay araw-araw na naghahandog ng mga alay para sa kanilang mga kasalanan at kasunod nito ay para naman sa mga kasalanan ng mga tao. Ang mga pari ay tao lamang at ang mga alay o handog nila ay hindi perpekto kaya't kailangan nila itong gawin araw-araw. Noong araw, ang mga pari lamang ang pwedeng pumasok sa banal na presensya ng Diyos matapos nilang gawin ang napakaraming mga ritwal ng paglilinis. Para maibalik ng Diyos ang kabanalan sa Kanyang mga mamamayan, kailangan ng isang paring walang hanggan at isang perpektong sakripisyo. Ito ang dahilan kung bakit ipinadala ng Diyos Ama ang Anak Niyang si Jesu-Cristo, Sa pamamagitan Niya ay makakabahagi tayo sa kabanalan ng Diyos.

## 1 Si Jesus ang perpekto at permanenteng Pinakapunong-Saserdote.

*[24]Ngunit si Jesus ay walang kamatayan, kaya hindi naililipat sa iba ang pagkapari niya. [25]Kaya maililigtas niya nang lubos ang sinumang lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, dahil nabubuhay siya magpakailanman upang mamagitan para sa kanila. [26]Kaya si Jesus ang punong pari na kailangan natin. Banal siya, walang kapintasan, walang kasalanan, hiwalay sa mga makasalanan, at itinaas ng higit pa sa kalangitan.* **MGA HEBREO 7:24–26**

Si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, ay *banal*, *walang kapintasan,* at *walang kasalanan*. Siya ay nahihiwalay sa mga makasalanan. Dahil si Jesus ay namuhay nang hindi kailanman nagkasala, tinalo ang kamatayan, nabuhay muli, at umakyat sa langit, Siya ay buhay magpakailanman. Ang kawalan Niya ng kasalanan at pagiging permanente ang dahilan kung bakit karapat-dapat Siyang maging Pinakapunong-Saserdote na patuloy na nagsasalita sa Diyos Ama sa ngalan natin. Sa pamamagitan Niya, naibalik ang ugnayan natin sa Diyos. Sa palagay mo, bakit gumagawa ng paraan ang Diyos para mabigyan tayo ng isang perpekto at permanenteng pari?

## 2 Si Jesus ang perpektong handog para sa lahat.

*[27]Hindi siya katulad ng ibang punong pari na kailangang maghandog araw-araw para sa kasalanan niya, at pagkatapos, para naman sa mga kasalanan ng mga tao. Si Jesus ay minsan lang naghandog para sa lahat nang ialay niya ang kanyang sarili. [28]Ang mga tao na naging punong pari ayon sa Kautusan ay may mga kahinaan. Ngunit ayon sa sinumpaan ng Diyos matapos maibigay ang Kautusan, itinalaga niya ang kanyang Anak na maging punong pari magpakailanman, dahil natupad nito ang layunin ng Diyos.* **MGA HEBREO 7:27–28**

Dahil ang mga tao ay bumagsak at likas na makasalanan, imposibleng dumaan ang isang araw nang hindi nagkakasala ang mga ito sa kanilang isipan at kilos. Dahil dito, kailangang

magbigay ang mga pari ng handog o alay araw-araw para sa kanilang mga sarili at para sa kasalanan ng mga tao. Gayunpaman, hindi naabot ng bawat alay na ginawa ng tao ang pamantayan ng kabanalan ng Diyos sa ilang paraan. Dahil walang kasalanan si Jesus, Siya ang perpektong alay na nakapagbayad nang buo sa parusang dulot ng kasalanan para sa ating lahat. Dahil dito, lahat tayong nananampalataya kay Jesus ay ganap na napatawad sa lahat ng ating kasalanan at nagkaroon ng tamang ugnayan sa Diyos. Ano ang kahalagahan ng sakripisyo ni Jesus sa paraan kung paano ka nag-iisip, nakakaramdam, at namumuhay araw-araw?

Tanging ang pari na walang hanggan at isang perpektong alay lamang ang makakapagtuwid sa ugnayan natin sa Diyos. Dahil sa pagmamahal ng Diyos para sa bawat tao, hindi Niya hinayaan na patuloy tayong mamuhay sa kasalanan at mamatay nang walang pag-asa. Ipinadala Niya ang kaisa-isa Niyang Anak upang maging perpektong alay. Si Jesus din ang pari na walang hanggang nagsasalita sa Diyos sa ngalan natin sa bawat sandali ng bawat araw. Sa pamamagitan nito, naibabalik ng Diyos ang ating kabanalan at ang tamang ugnayan natin sa Kanya. Ngayon, makakalapit tayo sa Diyos nang buo ang loob dahil alam nating si Jesus ang perpekto at permanenteng Pinunong-Saserdote.

## APPLICATION

- Kilala mo na ba si Jesus bilang tagapagtuwid ng ugnayan natin sa Diyos? Gusto mo ba Siyang tanggapin ngayon bilang Panginoon at Tagapagligtas?
- Ganap na binayaran ni Jesus ang sakripisyo para sa ating mga kasalanan at ginawa tayong banal. Paano naapektuhan ng katotohanang ito ang pakikipaglaban mo sa kasalanan?
- Dahil sa perpektong handog ni Cristo, maaari tayong mamuhay nang may kabanalan para sa ating mga sarili at para sa iba. Paano mo maibabahagi sa iba sa mga susunod na araw ang buhay mong binago ni Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesu-Cristo sa Kanyang pagiging perpektong alay para sa ating mga kasalanan. Pasalamatan Siya dahil ibinalik Niya tayo sa Diyos at sa kabanalan.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na pag-unawa sa pagmamahal ng Diyos sa iyo. Hilingin na akayin ka Niya upang patuloy kang manampalataya at sumunod sa Kanya habang namumuhay ka nang may kabanalan.
- Hilingin na ipakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa iyong kapamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng buhay mo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataong maibahagi ang iyong buhay sa iba.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chique Esguerra, Ruth Gloria, Esther Suson, Madel Vanguardia

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.